

Ateneo de Manila University

**Archīum Ateneo**

---

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

---

2018

## Ágam-ágam sa Pag-asám

Michael M. Coroza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Poetry Commons](#)

---

# Ágam-ágam sa Pag-asám

Michael M. Coroza

## 1. PAGHIHINTAY

---

Tulad ng mga naninilaw at nalalagas  
na dahon sa kahabaan ng Quezon Avenue  
ang mga mukhang nag-aabang ng másásakyán  
pauwi. Kapuwa táyo hindi nagmamadali:  
dalawang kaluluwang gunita ang dinaratnan  
sa gabi, lumbay ang katalik hanggang hatinggabi.

Walang aksidente ngunit hindi umaabante  
ang mga behikulong nasusulasok sa sariling  
usok. Nilalagok natin ang mga himutok  
na pinalalapot ng nagsasalimbayang  
busina, silbato, at “putang-ina.”

Maraming mamámatáy kung may maghahagis  
ng granada sa may Delta, tiyak na may iiyak  
at sásambúlat ang dalamhati na marahil  
makahihigit sa namumutawi ngayon  
sa iyong mga labi. Tama ka, nakamimitig  
ang manalig sa pangakong pagbabalik.

Nilunod na ng karbon sa ulap  
ang araw, sásakyán ng lahat kahit  
trak ng basura huwag lamang  
mabahura at mangálay ang bait.  
Aakayin sana kita patawid sa West  
subalit pinasikip ng mga behikulong  
aburido ang tawiran.

*Maglakad na lamang táyo hanggang sa inyo!*

Nagkunot ka lamang ng noo.

Walang ano-ano, naging berde  
ang ilaw-trapiko. Umatungal  
sa pag-abante ang mga sasakyán,  
parang mga hayop na pinakawalan.

May bumaba sa dyip na tumigil  
sa mismong tapat natin. Agad táyong  
sumampa, ikaw lamang ang kasiya.  
Kayrami kong bitbit para sumabit.

Tulad ng mga dahon sa kahabaan  
ng Quezon Avenue, nanilaw  
at nalagas ang aking mukha sa kapal  
ng karbon at kumubkob na dilim  
sa walang masakyang damdamin.

*Kay A, Tag-araw '92*

## 2. ÁGAM-ÁGAM

---

Pag ang labi ay natuyót at tumíkom,  
Maging mata ay bantulót na magtapat.  
May kataga't katubusang nalulúom.

May ligalig na malubha kaysa gútom  
At sa gatla nitong mukha násasalát  
Pag ang labi ay natuyót at tumíkom.

Sa dibdib ma't sa balikat ay malágom  
Ang minanang mga sumpa at pabigát,  
May kataga't katubusang nalulúom.

Isang sugat na hindi na maghihilom  
Ang bagabag na sa budhi'y ngumangatngat  
Pag ang labi ay natuyót at tumíkom.

Pagkat sulák ng balisa ang nalikom,  
Malalapnos ang sinumang mag-uungkat;  
May kataga't katubusang nalulúom.

At sisimoy na animo'y alimuom  
Ang pighati pag may sumbat na kumidlat.  
Pag ang labi ay natuyót at tumíkom,  
May kataga't katubusang nalulúom.

### 3. *LIGAMGAM*

---

Sa labi ko ay diklap kang dumarampi,  
Pagtitimpi'y dagli-dagling dumurupok  
Pag dibdib ko'y isang yungib ng pighati.

Nalukob man ng hinawa't gaping-gapî  
At ang mithi ay humimlay na alabok,  
Sa labi ko ay diklap kang dumarampi.

Walang hindi nálulugmók na lunggati,  
Maging lubid ng gunita'y nagágapók  
Pag dibdib ko'y isang yungib ng pighati.

Pag sa súlok ng karimla'y tumutupi  
Maging budhing dinalisay sa pagpukpok,  
Sa labi ko ay diklap kang dumarampi.

Dalúmat mang maalamát at naglungti,  
Napipigtal, nalalaglag, nagagabok  
Pag dibdib ko'y isang yungib ng pighati.

Maging bibig ay mistulang isang limpî,  
Natatakot mamutawi ang himutok;  
Sa labi ko ay diklap kang dumarampi  
Pag dibdib ko'y isang yungib ng pighati.

## 4. HARÁNA SA KARAGATÁN

---

*Ang dagat ay matahimik  
Sa wari'y may damdamin sa pag-ibig;  
Sadyang kasaliw sa hapis  
Ng puso kong humihibik...*

musika ni Juan Silos Jr. at letra ni Macario Ramos

Sa awit na ngayo'y iyong maririnig,  
Wala mang taginting n'yaring aking tinig,  
Di ibig sabihi'y wala ang pag-ibig  
Na handog sa iyong hindi madaraig

Ng lawak ng dagat na nakapagitan  
Sa atin kung kayâ di kita mahagkan;  
At tulad sa alon ng dagat na iyan,  
Pintig ko'y patúloy na mananambitan

Sa pampang ng iyong mapanglaw na dibdib  
Hanggang isimoy mo't ganap na sumanib  
Nang walang pangamba't banta ng panganib  
Ang lihim at hiling ng mayamang tangrib.

## 5. INIP

---

Ang pagdating na tiniyak  
Kapag iyong hinihintay,  
Kabuntot kang umiiyak  
Sa karo ng isang patay.

Sa pag-usad na matagal  
May kung anong nalilingid,  
Nang ataul ay matanghal,  
Ikaw na ang nakasilid.